

Coronavirus (COVID-19): Mga Viral Test

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta mo?

ANO ANG VIRAL TEST PARA SA COVID-19?

- Ang mga viral test para sa COVID-19 ay mga test para sa kasalukuyang pagkahawa upang malaman kung may COVID-19 ka ngayon.
- Ang mga viral test para sa COVID-19 ay tumitingin sa mga sample mula sa iyong respiratory system (tulad ng mga swab sa loob ng ilong).



ANO ANG IBIG SABIHIN NG POSITIBONG

- Ibig sabihin ng positibong test ay mayroong kang COVID-19 ngayon.
- Dapat kang manatili sa bahay (mag-isolate) at ihiwalay ang sarili mula sa iba hanggang sa maabot mo ang [batayan para tapusin ang pagbubukod](#). Para sa karamihan ng tao, ibig sabihin nito ay hindi bababa sa 10 araw ang dumaan mula nang mag-umpisa ang kanilang sintomas (o simula sa kanilang positibong test kung wala silang sintomas), hindi sila nagkaroon ng lagnat nang hindi bababa sa 24 na oras nang walang gamot na pampababa ng lagnat, at bumuti ang mga sintoms nila.



ANO ANG IBIG SABIHIN NG NEGATIBONG

- Ibig sabihin ng negatibong test ay hindi ka nahawaan ng COVID-19 sa oras na kinolekta ang iyong specimen.
- **Hindi** ibig sabihin ng negatibong test na hindi ka na magkakasakit.
- Posible na kakaumpisa pa lang talaga ng iyong pagkahawa nang kinolekta ang iyong sample at maaari kang magpositibo kalaunan.
- Maaari ka ring malantad kalaunan at pagkatapos magkaroon ng sakit.
- Gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang iyong sarili at ang iba (tingnan ang susunod na pahina).
- Kung sinuri ka dahil sa malapit na pakikisalamuha sa isang taong may COVID-19, kailangan mo pa ring mag-quarantine nang 14 na araw pagkatapos ng iyong huling malapit na pakikisalamuha sa taong may COVID-19. Bilangan ang petsa ng iyong huling pagkalandat na Araw 0.
 - Kung hindi mo magawang manatili sa bahay nang 14 na raw at wala kang mga sintomas, maaari kang umalis ng bahay pagkatapos ng Araw 10; O maaari kang lumabas ng bahay pagkatapos ng Araw 7 kapag may negatibong PCR o antigen test na ginawa sa Araw 5 o pagkatapos.
- Kung sinuri ka dahil sa malapit na pakikisalamuha, maaaring hindi kailanganin sa iyo na manatili sa bahay kung gumaling ka na sa COVID-19 o nabakunahan na nang lubos para sa COVID-19. Dapat mo pa ring i-monitor ang iyong mga sintomas nang 14 na araw at patuloy na magsuot ng mask at bantayan ang iyong distansya (may ilang [eksepsiyono mga taong nabakunahan nang lubos](#)), umiwas sa maraming taon, at hugasan ang iyong mga kamay. Tingnan ang www.vdh.virginia.gov/coronavirus/local-exposure/ para sa higit pang impormasyon.

